IHINAHANDOG NG INISYATIBONG LIGHTHOUSE NG PREVENTION LINK

# ANG BATAS NG KALIGTASAN SA TRABAHO AT SEGURO

— ISANG GABAY SA IMPORMASYON —

"Alam Mo ba kung ano ang mga karapatan mo?"



## ANO ANG BATAS NG KALIGTASAN SA TRABAHO AT SEGURO (WORKPLACE SAFETY AND INSURANCE ACT, WSIA)?

Ang WSIA ay ang batas sa Ontario na namamahala sa **KARAPATAN SA MGA BENEPISYO AT SERBISYO** para sa mga manggagawa na napinsala o nagkasakit bunga ng kanilang trabaho.

## SINO ANG SAKOP NG WSIA?

**HINDI LAHAT** ng mga manggagawa sa Ontario ay sakop sa ilalim ng WSIA.

## SINO ANG NANGANGASIWA NG WSIA?

- Ang **WORKPLACE SAFETY AND INSURANCE BOARD (WSIB)** ang nanganasiwa sa WSIA.
- Ang WSIB **AY GUMAGAWA NG KANILANG SARILING MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN** sa pagtukoy ng karapatan sa mga benepisyo at serbisyo para sa mga napinsalang manggagawa.
- Ang mga napinsalang manggagawa ay maaaring humiling ng karapatan sa:
  - MGA BENEPISYO SA PAGKAWALA NG SAHOD
  - MGA BENEPISYO UPANG MAPUNAN ANG MGA PERMANENTENG PINSALA
  - PAGSAKLAW PARA SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN
  - TULONG SA PAGBABALIK SA TRABAHO
- Ang WSIB ay pinopondohan ng mga tagapag-empleyo ng Ontario. Ito ay **HINDI ISANG SISTEMA NA PINOPONDOHAN NG BUWIS.**
- Ang mga manggagawa at mga tagapag-empleyo ay parehong may karapatan na **I-APELA ANG MGA DESISYON NG WSIB.**



## ANO ANG GAGAWIN KUNG MAY NAGYARING PINSALA SA TRABAHO

### MANGGAGAWA

- Kailangan mong i-ulat ang pinsala sa tagapag-empleyo **SA LALONG MADALING PANAHON**
- **HINDI KA LIGAL NA MATATANGGAL** dahil sa pag-ulat ng pinsala
- Maghanap ng agarang **ATENSYONG MEDIKAL**
- Kumpletuhin ang isang **WSIB FORM 6**
  WORKER REPORT OF INJURY/DISEASE

### TAGAPAG-EMPLEYO

- **IMBESTIGAHAN** at **I-DOKUMENTO** ang pinsala o pagkakasakit sa lugar ng trabaho
- Kumpletuhin ang isang **WSIB FORM 7**
  EMPLOYER'S REPORT OF INJURY/DISEASE

### DOKTOR O TAGAPAGBIGAY NG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

- Magbigay ng mga **REKOMENDASYON** para sa mga paghihigpit at limitasyon ng pagbabalik sa trabaho
- Bigyan ang **WSIB NG IMPORMASYON** kaugnay ng iyong pinsala sa lugar ng trabaho
- Kumpletuhin ang isang **WSIB FORM 8**
  HEALTH PROFESSIONAL'S REPORT



## KAILAN MAGSUSUMITE NG PAGHAHABOL

### MGA MANGGAGAWA

Kailangan ay **AGARAN** kang makapagsumite ng paghahabol subalit **HINDI LALAMPASA NG 6 NA BUWAN** mula sa petsa ng pagkapinsala.

### MGA TAGAPAG-EMPLEYO

Ang mga tagapag-empleyo ay kailangang magsumite ng kanilang paghahabol **SA LOOB NG 3 ARAW** ng pagkapinsala/pagkakasakit ng manggagawa:

01. Hindi napasukang oras sa trabaho

02. Kailangan ng pangangalagang medikal

03. Kumita ng mas mababa sa regular na sahod para sa regular na trabaho

## ALAM MO BA NA MAAARI KANG MAGHABOL PARA SA KOMPENSASYON KUNG

- Nasuri ka na may **SAKIT** na nauugnay sa trabaho
- Nasuri ka na may **MGA KONDISYON DAHIL SA STRESS** na nauugnay sa trabaho
- Nasuri ka na may **MGA KONDISYONG SIKOLOHIKAL** na nauugnay sa trabaho
- Nagkaroon ka ng **PINSALA** nang paunti-unti sa paglipas ng panahon na nauugnay sa trabaho



## SAAN KA MAKAKAKUHA NG TULONG SA PAGHAHABOL NG WSIB?

OFFICE OF THE WORKER ADVISER: www.owa.gov.on.ca o 1-800-435-8980

INDUSTRIAL ACCIDENT VICTIMS GROUP OF ONTARIO (IAVGO): www.iavgo.org o 416-924-6477

INJURED WORKERS COMMUNITY LEGAL CLINIC (IWC): www.injuredworkersonline.org o 416-461-2411

LEGAL AID ONTARIO: www.legalaid.on.ca o 1-800-668-8258

### MGA MAPAGKUKUNAN

WWW.PREVENTIONLINK.CA

WWW.WSIB.ON.CA

WWW.ONTARIO.CA/LAWS/STATUTE/97W16


LIGHTHOUSE INITIATIVE
PREVENTION LINK

PREVENTION LINK DISABILITY PREVENTION AT WORK

cope LOCAL 343

preventionlink.ca